



タガログ語

Mayo. Hunyo Taon 2026

# Baliata Sa Konan



## Ika-25 Konan Lounge Festival

### Umaga Palabas

10 Mga Dayuhan ang pumunta sa Japan sa ibat-ibang dahilan, halimbawa ng kanilang magulang, o asawa, trabaho, pag-aaral at mga bagong pagsubok at marami pang iba.

Gusto nilang matutu ng wika kaya sila ay pumunta sa Lounge

At sa araw ng Fiesta sila ay nagtalumpati ng kanilang nasa loob sa wikang Hapon, Ang kanilang paninirahan at naramdaman, Mga bagay na nagustuhan nila sa bansa Japan, Mga bagay na napapareho sa kanilang bansa. Isinalaysay nila ang kanilang damdamin sa magalang ng salita na talumpati..



Pebrero 15th Sabado

Ginanap sa

Himawari no Sato



Isa sa mga nagsalita, hindi sya makaalis na hindi niya kasama ang kanyang mga magulang dahil na hindi sya marunong magsalita. Bagamat siya ay nag-aaral ng wika nalaman nya sa sarili na "Nadaling gawain ang bagay sa sariling sikap." At sa pagboboluntaryo mga aktibidad sa Japan nakahalobilo niya ang mga ibang dayuhan mula sa ibat-ibang bansa ibang karanasan siya ay masaya sa pakikipag ugnayan sa kanila

at sa kanyang talumpati ay naramdaman ng lahat ang mainit na pang-uunawa "Mabuhay tayong samasama"

### Hapon Palabas

11 Grupo ang lumahok sa pagtatanghal. sumayaw, kumanta at musika.

Parehong tunog ng musika ang maririnig, pero ito ay ibat-iba, lahat sila ay magaling. Ang mga dayuhan ay magagaling napapaWOW ka sa kanilang galaw at magaganda at ibat ibat kulay ng kanilang kasuotan, ay nabighani ang mga nanunuod.

Sa Lounge 8 Dayuhan na taga pagsalin ng wika ay nagpakilala sakanilang katutubung wika ang gamit, Sa Lounge kahit hindi ka nakakapagsalita ng Hapon ay hindi ka dapat mangamba dahil sila ay mga tagapagsalin ng wika na katutubo.

Ang Indonesia ay sumayaw nag pagdiriwang at may magandang musika sa kanilang galaw ang lahat na nanonood ay nag-anyaya na sumayaw.

Ang Pilipinas ay nag zumba at kaanyayang musika ang nag-akit sa nga nanonood na sumali sa indak ng kaawan. t lahat ay nagsaya .



Ang pagkonsulat ay ginanap sa parehong oras at araw. Ito ay ginanap sa Lounge .paki tingin po sa araw sa HP.



Pbulocation\* Yokohama Konan Lounge Yokohama-Shi Konan¥Ku Kamiooka-Nishi 1-6-1 Yumeooka Off, Tower 13F  
Tel : 045-848-0990 Fax : 045-848-3669 URL: <https://konan-lounge.com/>  
E-Mail: [konan-international-lounge@yokohama.email.ne.jp](mailto:konan-international-lounge@yokohama.email.ne.jp)  
(Tuwing 2nd,4th ng Sabado ang Tagalog na tagapag salin ng Wika )

Yopkohama Konan International Lounge Entrusted by Konan Ward Off. Operating by NPO Houjin.

## Mga katanungan ng Lounge sa tagapagsalin ng wika Staff



boluntarya sa Lounge

Paki sabi ang mga mahirap na pag-aaral ng wikang Hapon para sa iyo?

Para akin pag-aaral ang Kanji ay mahirap napakaraming kahulugan, sa bawat salita minsan pareho ang sulat subalit ibat-ibang kahulugan at pagbasa.



Tagalog Staff



Ano ang dapat ingatan sa pagtatapon ng basura?

Para sa akin ang araw at bagay na dapat itapon sa tamang araw at kung ano nag dapat at hindi dapat itapon sa nasabing araw, dahil kapag nagkamali ka hindi nila dadalhin ang iyong basura at nakakahiya. kailangan mong kunin ulit.



Kung pipili ka ng lugar na tirahan saan ka titingin?

Para sa akin mahalaga ang kapaligiran na tahimik at mababait na kapagiran ng Community may pagkakaisa ang bawat isa kahit anong lahi at kulay ay masayang nag-uusap at bumabati. bata man o matanda.



Anong uri ng pagkain Hapon ang niluluto mo?

Maraming luto halimbawa Nimono, na may ibat-ibang uri ng sangkap na gulay, ( nisakana snaper fish,) at minsan ay mahilig akong gimawa ng ohagi, osekihan , ang Japanese sweets.



Mga trouble sa kapitbahay . . . .

Ang korehedor or hallway ay para sa lahat ng nakatira sa sa buong gusali. Sa makatuwid ay hindi ka dapat mag-iwan ng mga bagay sa harap ng iyong pintuan sa labas, kahit payong. o anong kahon, eto ay kailangan mong ipasok sa loob ng bahay kaagad.

